UPDATE SA COVID-19

Ano ang contact tracing?

Tumutulong ang testing at tracing na pigilan ang pagkalat ng mga nakakahawang sakit tulad ng COVID-19

Ganap na pribado ang testing at tracing! Hindi hihingiin ang numero ng iyong social security o ang iyong katayuan sa imigrasyon.



Makikipag-ugnayan ang Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko at ang mga katuwang nito sa komunidad sa mga taong masusuring positibo sa COVID-19.

"Tini-trace" namin o hinahanap ang ibang nagkaroon ng malapit na kontak sa kanila kamakailan.

Susuriin ang mga contact at mag-aalok ng testing, pero **HINDI** sasabihin sa kanila ang iyong pangalan.

Hinihiling sa mga contact na i-quarantine (ibukod) ang kanilang mga sarili kahit na hindi sila nagpapakita ng mga sintomas.



Kung nagpapakita sila ng mga sintomas o kung nasuring positibo, hihilingin sa kanilang i-isolate ang kanilang mga sarili upang mapigilang maikalat ang COVID sa iba.

Manatiling May Nalalaman

Paki-click para tingnan ang "How COVID-19 Can Spread in the Community (Paano Maikakalat ang COVID-19 sa Komunidad)."

Tumawag sa 2-1-1 o i-text ang "COVID19" o "coronavirus" sa 211211 para makatanggap ng pangkalahatang impormasyon.

Tingnan ang website ng Kagawaran ng Kalusugan ng Publiko: www.acphd.org

Mag-subscribe sa aming social media

Alameda County
Health Care Services Agency

Alameda County Public Health Department
Celebrating Healthy People in Healthy Communities